PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG
Marso 10, 2023

MAKIPAG-UGNAYAN KAY:
Karina Rivera, Alameda Alliance for Health
510-499-3419
krivera@alamedaalliance.org

# INIANUNSYO NG ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH SI MATTHEW WOODRUFF BILANG CHIEF EXECUTIVE OFFICER

Si Matthew Woodruff ang gaganap na CEO ng organisasyon sa ika-1 ng Hunyo, 2023.

Alameda, CA – Inianusyo ngayong araw na ito ng Alameda Alliance for Health (Alliance), ang lokal na planong pangkalusugan na nagseserbisyo sa mahigit 355,000 residente sa County ng Alameda, na itinalaga ng Lupon ng Mga Gobernador nito si Matthew Woodruff bilang Chief Executive Officer, na magkakaroon ng bisa sa ika-1 ng Hunyo, 2023. Sa susunod na ilang buwan, makikipagtulungan si Matthew sa magreretirong CEO na si Scott Coffin sa ganap na transisyon.

Si Matthew, na may 27 taong karanasan bilang pinuno sa pangangalagang pangkalusugan, ay kilala bilang eksperto sa buong bansa at nangunguna sa industriya sa mga operasyon ng Mga Plano sa Pinapamahalaang Pangangalaga ng Medicare Advantage at Medi-Cal. Natanggap niya ang Award para sa Mahusay na Serbisyo ng Kalihim ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S. dahil sa kanyang pagsisikap sa paggawa sa kasalukuyang proseso ng competitive bidding ng Medicare.

“Nagpapasalamat ang Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance para sa mahabagin at nagbibigay-priyoridad sa miyembro na pamamaraan ni Matt sa kanyang pagtatrabaho, at para sa kanyang malalim na kaalaman sa operasyon ng Medi-Cal. Dahil sa ilang dekadang karanasan niya sa Medicare, angkop siyang maging pinuno natin sa pagsulong natin sa ganoong uri ng negosyo,” ayon sa Chair ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance na si Rebecca Gebhart. “Naniniwala ang Lupon na si Matt ay magiging matagumpay na CEO at ipagpapatuloy niya ang kamangha-manghang pagtatagumpay na naabot ng Alliance sa ilalim ng pamumuno ni Scott Coffin.”

"Ang karanasan ni Matt sa Alliance ay partikular na magiging mahalaga sa pagtulong sa atin sa pangangasiwa sa mga pagbabagong magdudulot ng transpormasyon sa programang CalAIM ng estado na idinisenyo na magbigay ng makatarungan, naaayon, at nakatuon sa tao na pamamaraan sa pangkalahatang kalusugan para sa ating mga benepisyaryo ng Medi-Cal,” dagdag ng Vice-Chair ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance na si Dr. Noha Aboelata.

Mula pa noong 2015, naglingkod siya bilang Chief Operating Officer kung saan pinamunuan niya ang mga pang-araw-araw na operasyon ng Alliance at pinatatag niya ang mga panloob at panlabas na partnership

ng organisasyon. Sa ilalim ng kanyang pamumuno, nakilala ang Alliance sa buong bansa, at naabot nito ang pagiging Center of Excellence dahil sa pambihirang kasiyahan ng empleyado, kasiyahan ng miyembro, at napakahusay na antas ng serbisyo sa mga miyembro nito. Ang kanyang pagsisikap na patatagin ang mga ugnayan sa network ng provider ng organisasyon ay nagresulta sa pag-abot sa pinakamatataas na rate ng kasiyahan noong 2022 sa mga kinontrata nitong provider sa komunidad, na 28 porsyentong pagtaas mula noong 2015.

“Nagkaroon ng maraming mahusay na kandidato sa pag-recruit ng CEO, ngunit sa huli, si Matt ang namukod-tangi, at nagkaisa ang Komite sa Paghahanap ng CEO ng Alliance na siya ang irekomenda,” ayon sa Miyembro ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance at Chairperson para sa Komite sa Paghahanap ng CEO na si Dr. Evan Seevak. “Sa proseso ng panayam, naipakita ni Matt ang kanyang malalim na kaalaman tungkol sa Alliance, pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal, Medicare, pati na rin sa aming mga miyembro, provider, at aming lokal na komunidad. Nasasabik kami sa pagganap ni Matt sa bagong tungkuling ito.”

“Nakumpleto ng Alliance ang isang matagumpay na turnaround sa nakalipas na 8 taon at nagkaroon ng pagbabago sa kumpanya para mapanatili ito sa loob ng maraming taon sa hinaharap. Ang programang Medi-Cal ng County ng Alameda ay magbabago sa susunod na taon at magiging isang modelo na inorganisa ng county na may ilang bagong serbisyo ng Medi-Cal na tumutugon sa mga panlipunang salik ng kalusugan, kabilang ang mga pansuportang serbisyo para sa mga nakatatanda at mahinang nasa hustong gulang, at mga serbisyo na tumutugon sa iba't ibang kawalan ng seguridad sa pagkain at pabahay. Ang Alliance ay nagsimula at namuhunan sa serye ng mga pilot na programa para malutas ang mga kawalan ng pagkakapantay-pantay sa kalusugan, kabilang ang Recipe4Health, Whole Person Care, Health Homes, at sa huling bahagi ng taong ito, maglulunsad ito ng bagong pilot para matulungan ang mga dating bilanggo na maikoordina sa mga serbisyo sa re-entry. Ganap akong nagtitiwala sa pamumuno ni Matt at sa kanyang paninindigan na tuparin ang layunin at mithiin ng Alliance, at patuloy na patatagin ang lokal na pakikipagtulungan sa ating mga safety-net na partner,” ayon sa Chief Executive Officer ng Alliance na si Scott Coffin.

Si Matthew, na isang ikatlong henerasyong Mexican American, ay lumaki sa Bay Area, nagtapos sa St. Mary's College of Moraga, at naninirahan kasama ang kanyang asawa at dalawang anak sa East Bay.

Para matuto pa tungkol sa Alliance, bisitahin kami sa http://alamedaalliance.org/.

###

## Tungkol sa Alameda Alliance for Health

Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) ay isang lokal na pampublikong not-for-profit na planong pangkalusugan para sa pinapamahalaang pangangalaga na naglalayong gawing accessible at abot-kaya ang mga mataas na kalidad na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga residente ng County ng Alameda. Ang Alliance, na itinatag noong 1996, ay ginawa ng at para sa mga residente ng County ng

Alameda. Isinasalamin ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance, namumunong staff, at network ng provider ang pagkakaiba-iba ng kultura at wika sa county. Nagbibigay ang Alliance ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa mahigit 355,000 bata at nasa hustong gulang na may mababang kita sa pamamagitan ng mga programa ng Panggrupong Pangangalaga ng Medi-Cal at Alliance na accredited ng Pambansang Komite para sa Pagtiyak ng Kalidad (National Committee for Quality Assurance, NCQA).